

Hunyo 21, 2016

Mga Pambuong Sistemang Administratibong Patakaran at Proseso ng The Queen's Health Systems

Paksa: PATAKARAN SA KAWANG-GAWANG PANGANGALAGA

1. LAYUNIN

- 1.1. Tanggap ang katotohanan na maraming pasyenteng pinaglilingkuran ng The Queen's Medical Center sa Punchbowl (QMC/P) at West Oahu (QMC/WO), Molokai General Hospital (MGH) at North Hawaii Community Hospital, Inc. (NHCH) ang maaaring hindi makakuha ng mga serbisyo sa pangangalang pangkalusugan kung walang pinansiyal na tulong. Alinsunod sa mga misyon at pinahahalagahan ng The Queen's Health System's, pag-aaralan ang pinansiyal na kakayahan ng bawat pasyente na bayaran ang mga serbisyo ng ospital at walang-pagkiling na isasaalang-alang para sa kawang-gawang pangangalaga. Binabalangkas ng patakarang ito ang proseso at ang mga kinakailangan upang maging kwalipikado para mag-aplay para sa mga diskuwento sa kawang-gawang pangangalaga para sa mga serbisyong ipinagkakaloob sa mga pasyente ng QMC/P, QMC/WO, MGH at NHCH na walang, o kulang ang, insurance.
- 1.2. Naaayon ang patakarang ito sa misyon at mga pinahahalagahan ng The Queen's Medical Center, Molokai General Hospital at North Hawaii Community Hospital at walang-pagkiling na isinasaalang-alang ang pinansiyal na kakayahan ng bawat pasyente na bayaran ang gastos sa mga serbisyo ng ospital.

2. KANINO NAUKOL

- 2.1. Nauukol ang patakarang ito sa lahat ng departamento ng The Queen's Medical Center Punchbowl (QMC/P), The Queen's Medical Center West (QMC/WO), Molokai General Hospital (MGH) at North Hawaii Community Hospital, Inc. (NHCH).

3. PAGPAPATUPAD

- 3.1. Magkakaroon ng bisa ang patakarang ito sa sandaling aprubahan ng Konseho ng Pamunuan ng System at ng Lupon ng mga Katiwala ng QHS, at sa sandaling lagdaan ng kapwa Ehekutibong Bise Presidente ng QHS at Punong Opisyal Pampinansiya at ng Ehekutibong Bise Presidente ng QHS at ng Punong Opisyal sa Pagpapatakbo.

4. MGA KAHULUGAN

- 4.1. Medikal na Kinakailangan: mga serbisyo ng ospital sa pasyenteng naoospital (inpatient) at pasyenteng hindi naoospital (outpatient), at mga ipinagkakaloob na serbisyo ng doktor na makatwiran at kinakailangan para sa pagtukoy at paggamot sa karamdaman o pinsala o para pabutihin ang pagganap ng isang pasyente.
- 4.2. Mga Programa sa Pangangalaga ng Kalusugan ng Pamahalaang Lokal, Estado o Pederal: Ang Mga Programa sa Pangangalaga ng Kalusugan ng Pamahalaang Lokal, Estado o Pederal ay ang Medicare, Medicare Advantage, Medicare Private Fee For Service, Medicaid , QUEST, TRICARE, Department of Veterans Administration o lokal na pinangangasiwaang programa na tumatanggap ng pondo mula sa pamahalaang Pederal at Estado.
- 4.3. Proteksiyon ng Seguro sa U.S.: Ang proteksiyon ng Seguro sa U.S. ay alinman sa isang planong pangkalusugan o kompanya ng insurance na na-incorporate sa isa sa 50 Estado ng Amerika o pinatatakbo sa loob ng mga hangganan ng U.S. (kasama ang mga teritoryo ng U.S.), o programang pangkalusugan ng pamahalaan ng U.S. (tulad ng Medicare, Medicaid, TRICARE o ang VA).
- 4.4. Walang insurance: Pasyente na walang proteksiyon ng medical insurance at tinatawag ring tunay na nagbabayad para sa sarili (self-pay).
- 4.5. Kulang ang insurance: Pasyente na walang proteksiyon ng seguro na No Fault, Travel, AARP Indemnity o AFLAC Indemnity at walang ibang medical coverage. Hindi binabayaran ng insurance ng pasyente ang procedure ng pasyente.

5. PATAKARAN

- 5.1. Ibibigay ang mga diskuwento para sa medikal na kinakailangang pangangalaga at mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan sa mga kwalipikadong pasyente para sa mga pasyenteng walang, o hindi makakuha ng, sapat na pamamaraang pinansiyal o paraan upang bayaran ang kanilang pangangalagang medikal.
- 5.2. Hindi sakop ng patakarang ito ang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na ipinagkakaloob ng mga independenteng doktor na hindi empleyado ng QMC/P, QMC/WO, MGH at NHCH (ibig sabihin, mga doktor ng anesthesiology, radiology at mga doktor na pribadong nanunungkulan bilang manggagamot). Ang Exhibit A (Mga Tagapagbigay ng Serbisyo na Sakop ng Patakarang) ay isang listahan ng mga tagapagbigay ng serbisyonag naghahatid ng medikal na kinakailangang pangangalaga na sakop ng patakarang ito.

- 5.3. Gagawin ang lahat ng pagsisikap sa panahon bago ma-admit, pagrerehistro, panahon ng pagkaka-admit o bago lumabas ng ospital upang suriin ang mga pasyente para sa dokumento o katibayan ng medical insurance para sa posibleng kwalipikasyon para sa Medicaid, Medicaid Managed Care o proteksiyon ng kawang-gawang pangangalaga ng ospital.

Tutulungan at gagabayan ng ospital ang mga pasyente sa pag-aaplay ng mga posibleng kwalipikadong pasyente sa mga Programa sa Pangangalaga ng Kalusugan ng Pamahalaang Estado at/o Pederal.

- 5.4. Ipagbibigay-alam sa mga pasyenteng walang insurance ang tungkol sa aplikasyon para sa pinansiyal na tulong at Patakaran sa Kawang-gawang Pangangalaga sa lahat ng berbal na komunikasyon hinggil sa anumang talakayang nauugnay sa bayad.

- 5.5. Hindi nauukol ang mga diskuwento ng kawang-gawang pangangalaga sa mga sumusunod na pasyente:

Mga pasyenteng kwalipikado para sa mga Programa sa Pangangalaga ng Kalusugan ng Pamahalaang Lokal, Estado o Pederal

Mga pasyente na may Proteksiyon ng Seguro sa U.S. (tingnan ang mga kahulugan)

Mga petsa ng serbisyo ng mga pasyente kung kailan ipinagkait ang Medicaid dahil hindi natugunan ang cost share o kabahagi sa babayaran

- 5.6. Maaaring madiskuwentuhan ang mga sinisingil ng Queen Emma Clinics (QEC), Dental Clinic and Pharmacy sa minimum co-payment.

- 5.7. Ang diskuwento sa kawang-gawang pangangalaga para sa mga pasyenteng kwalipikado sa ilalim ng patakaran sa Kawang-gawang Pangangalaga na ito ay balido nang isang taon simula sa pinakamaaga sa 1) petsa ng pagsusumite ng aplikasyon para sa pinansiyal na tulong o 2) pinakahuli sa petsa ng pagkaka-admit ng inpatient. Matatapos ang kwalipikasyon bago ang isang taon kapag 1) magbabago ang kinikita ng pasyente alinsunod sa Exhibit B (Batayan ng Kita at Ari-arian na Kwalipikado sa Diskuwento) o 2) ang pasyente ay may proteksiyon ng seguro sa U.S.

Maaaring mag-aplay muli ang isang pasyente para sa diskuwento ng kawang-gawang pangangalaga.

- 5.8. Maaaring maisaalang-alang ang mga pasyenteng may masyadong malaking gastusing medikal para sa kawang-gawang diskuwento depende sa kaso sa ilalim ng patakarang ito. Ang pasyenteng may masyadong malaking gastusin ay maaaring isang pasyenteng may insurance na may kita ang pamilya at mataas na gastusing medikal matapos magbayad ang insurance ay maaaring marepaso para sa kawang-gawang diskuwento sa ilalim ng patakarang ito. Ito ay isang eksepsiyon sa parapo 5.5.

6. PAGIGING KWALIPIKADO

- 6.1. Ang mga pamantayan ng kwalipikasyon ng kita ay ibabatay sa U.S. Federal Poverty Level para sa mga citizen ng U.S. at residente ng U.S., at sa minimum wage ng bansa para sa mga residente ng mga ibang bansa at mga ari-arian na mas mababa sa \$25,000. Tingnan ang Exhibit B.

Maaaring kwalipikado ang mga pasyente sa diskuwento ng kawang-gawang pangangalaga kung ang pasyente ay walang insurance, nagamit na lahat, o magagamit ang lahat ng maaaring magamit na benepisyong sa insurance, at natutugunan ng kita ng pasyente sa buong taon ang mga pamantayang nakatakda sa Exhibit B at nakumpleto ng pasyente ang Aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong (Exhibit C) kabilang ang pagsusumite ng mga dokumentong pagpapatunay ng kita.

- 6.2. Ang mga pasyenteng kwalipikado bago o pagkatapos ng Medicaid/Quest sa loob ng isang taon ng petsa ng serbisyo ay ituturing na kwalipikado at isasantabi ang hinihingi para sa aplikasyon sa kawang-gawang pangangalaga.

7. PAANO MAG-APLAY PARA SA KAWANG-GAWANG PANGANGALAGA

- 7.1. Maaaring mag-aplay ang pasyente para sa tulong na kawang-gawang pangangalaga sa ilalim ng Patakarang ito sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsusumite ng isang aplikasyon para sa pinansiyal na tulong sa alinmang departamento ng Patient Access ng ospital ng QHS o sa alinmang departamento ng QHS Business Services. Maaaring gamitin ang kopya ng aplikasyon ng pasyente sa Med-Quest sa halip na aplikasyon para sa pinansiyal na tulong.
- 7.2. Makukuha ang aplikasyon para sa pinansiyal na tulong sa internet website ng bawat ospital.
- 7.3. Isasaad sa mga billing statement ng mga pasyenteng walang insurance na may makukuhang pinansiyal na tulong.

8. PROSESO PARA SA PAGREREPASO NG MGA APLIKASYON PARA SA PINANSIYAL NA TULONG AT MGA DISKUWENTONG KAWANG-GAWA

- 8.1. Upang ipasya kung kwalipikado ang pasyente para sa diskuwento alinsunod sa Exhibit B. Rerepasuhin ng mga empleyado ng Patient Access o Business Services ang aplikasyon para sa kawang-gawang pangangalaga upang patunayan ang mga halaga ng kinikita ng pasyente.
 - 8.1.1. Aabisuhan ang mga pasyenteng nasa limitasyon ng ari-arian ayon sa Exhibit B na kwalipikado sila para sa diskuwento. Kakalkulahin ang halaga ng diskuwento batay sa mga porsiyento sa Exhibit B. Aayusin ang mga plano ng pagbabayad para sa anumang balanse ng account matapos ang diskuwento.
 - 8.1.2. Aabisuhan ang mga pasyente na lampas sa limitasyon ng ari-arian ayon sa Exhibit B na hindi sila kwalipikado para sa diskuwento.
- 8.2. Rerepasuhin ng mga empleyado ng Patient Access o Business Services ang mga account ng pasyente na nagbabayad para sa kanilang sarili (self-pay) para sa

sinumang pasyenteng napatunayan na ang kanilang kwalipikasyon sa Medicaid/QUEST at/o nasingil sa Medicaid-Quest.

Ipapasya ng empleyado ng Patient Access o Business Services ang halaga ng diskuwento batay sa Exhibit B.

Aabisuhan ng empleyado ng Patient Access o Business Services ang pasyente tungkol sa diskuwento at aayusin ang mga plano ng pagbabayad para sa anumang balanse matapos ang diskuwento.

- 8.3. Ang isang pasyenteng naipasyang karapat-dapat sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng Patakarang ito ay hindi sisingilin para sa mga serbisyo ng ospital ng mas malaki kaysa sa halagang pangkalahatang sinisingil ng ospital para sa ganoong emerhensiyang pangangalaga o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga. Alinsunod sa mga pederal na regulasyon, itatakda ng ospital ang pangkalahatang sinisingil sa kabuuang halaga na pinahihintulutan ng programang Medicare fee-for-service para sa pangangalaga (ibig sabihin, ang kabuuang halaga na babayaran ng Medicare at ng benepisyaryo ng Medicare).
- 8.4. Ipagpapalagay na kwalipikado ang lahat ng pasyenteng walang insurance para sa pinakamababang antas ng diskuwentong makukuha sa ilalim ng Schedule B, Batayan ng Kita at Ari-arian na Kwalipikado sa Diskuwento at mga Antas ng Diskuwento. Aabisuhan ng ospital ang ganoong mga pasyente na maaari silang mag-aplay para sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng patakarang ito.

9. MGA HAKBANG NA MAAARING GAWIN KUNG HINDI IBIBIGAY ANG BAYAD. Maaaring gawin ng mga ospital ang mga sumusunod na hakbang kung hindi babayaran ng isang pasyente ang bill para sa pangangalagang medikal at nagawa na ang mga makatwirang hakbang na pangongolekta ng bayad.

- 9.1. Maaaring maitalaga ang account ng pasyente sa isang tagakolektang ahensiya.
- 9.2. Maaaring simulan ang mga legal na pangongolektang hakbang laban sa pasyente para sa anumang hindi nabayaran account sa loob ng mga sumusunod na limitasyon:
 - Ang account ng pasyente ay kailangang hindi bababa sa 120-araw (patient account aging) mula sa petsa ng unang billing statement para sa pangangalaga na ipinadala sa pasyente matapos lumabas ng ospital.
 - Ginawa na ng ospital ang mga makatwirang pagsisikap upang ipasya kung kwalipikado ang pasyente para sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng patakarang ito.
 - Nasubukan na ang makatwirang pagsisikap na berbal na abisuhan ang pasyente tungkol sa Patakarang ito at kung paano makakakuha ang pasyente ng pinansiyal na tulong at ang proseso ng aplikasyon.
 - Hindi kasama sa mga limitasyong nabanggit sa itaas ang mga account kung saan magpapasimula ang pasyente ng legal na hakbang laban sa ikatlong partido dahil sa mga natamong pinsala.

- Inaprubahan na ng QHS Legal Department ang account para sa legal na pangongolektang hakbang.

10. PAGDODOKUMENTO AT PAGPOPROSESO NG ACCOUNT

- 10.1. Isusulat sa mga talaan ng account ng pasyente ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa pasyente kaugnay sa paghingi ng pinansiyal na tulong at lahat ng pagpapatunay/pagbeberipika ng kawang-gawang pangangalaga.
- 10.2. Sa sandaling maipasya ang mga kwalipikasyon, ipoproceso at idodokumento ang mga napapanahong pagsasaayos ng kawang-gawang pangangalaga.

11. PAGPAPARATING NG PATAKARAN SA KAWANG-GAWANG PANGANGALAGA SA MGA PASYENTE AT SA PUBLIKO

- 11.1. Ipapakalat ang notipikasyon tungkol sa kawang-gawang pangangalaga sa pamamagitan ng iba't ibang paraan na kabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, paglalathala ng mga abiso sa mga bill ng pasyente at pagpapaskil ng mga abiso sa mga departamento ng ospital at sa mga lugar para sa pagtanggap at pagrerehistro ng pasyente. Isasama rin ang impormasyon sa internet website ng bawat ospital.

Nakalakup ang Buod ng Patakaran sa Kawang-gawang Pangangalaga bilang Exhibit D.

- 11.2. Makukuha nang libre kapag hiningi ang isang nakasulat sa papel na kopya nitong Patakaran sa Kawang-gawang Pangangalaga mula sa sinumang kinatawan ng Patient Access o sinumang Business Services Account Representative sa lokasyon ng alinmang ospital.

Makukuha ang kopya ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong, Aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong at ang Buod ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong sa Simpleng Lenguwahe na naisalin sa Japanese, Samoan, Vietnamese, Korean, Chinese, Tongan, Chuukese, Ilokano at Tagalog.

- 11.3. Ipamamahagi ang mga kopya ng patakarang ito sa mga organisasyon sa komunidad ng Hawaii na may mga miyembrong malamang na mangailangan ng pinansiyal na tulong mula sa pasilidad ng ospital (hal. Institute for Human Services, Kokua Kalihi Palama, Waianae Coast Comprehensive Health Center, Waimanalo Health Clinic).

Kung mayroon kayong anumang mga tanong hinggil sa patakarang ito, mangyaring tawagan ang Manager, Business Services at 691-8702.

Robert Nobriga
Ehekutibong Bise Presidente
at Punong Opisyal Pampinansiya

Jason Chang
Ehekutibong Bise Presidente
at Punong Opisyal sa Pagpapatakbo

Mga Kalakip: Exhibit A – Mga Tagapagbigay ng Serbisyo na Sakop ng Patakaran
Exhibit B - Batayan ng Kita at Ari-arian na Kwalipikado sa Diskuwento
Exhibit C – Aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong

Mga Pambuong Sistemang Administratibong Patakaran at Proseso ng The Queen's Health Systems PATAKARAN SA KAWANG-GAWANG PANGANGALAGA
Hunyo 21, 2016

Exhibit D – Buod ng Patakaran sa Kawang-gawang Pangangalaga sa Simpleng Lenguwahe

Inaprubahan Ng: Konseho ng Pamunuan ng QHS System noong Mayo 27, 2016
Inaprubahan Ng: Lupon ng mga Katiwala ng QHS noong Hunyo 21, 2016

Pamamahagi: Lahat ng Kompanya at Kaanib ng Queen's

Ang patakaran/prosesong ito ay para sa The Queen's Health Systems at mga kaanib nito, at hindi ipamamahagi sa iba pang organisasyon o tao nang walang nauunang pahintulot.

Exhibit A

Sakop ng patakarang ito ang mga tagapagbigay ng serbisyo na nakalista sa mga sumusunod na website:

www.queens.org/media/file/QueensMedicalCenter_EmployedPhysicians_2018.pdf

www.queens.org/media/file/MolokaiGeneralHospital_CoveredProviders_2018.pdf

www.queens.org/media/file/NorthHawaiiCommunityHospital_EmployedPhysicians_2018.pdf